**Republika ng Pilipinas**
**Sangguniang Panlungsod**
**Lungsod ng Maynila**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 152

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

# KAPASIYAHAN BLG. 533
**Serye ng 2024**

**KAPASIYAHAN** NA INAALALA ANG BUHAY AT LEGASIYA NI DATING BISE-ALKALDE NG MAYNILA, KAGALANG-GALANG DANILO "DANNY" BAUTISTA LACUNA BILANG PAGGUNITA NG ISANG TAONG ANIBERSARYO NG KANIYANG PAGPANAW NOONG IKA-13 NG AGOSTO 2023

PANGUNAHING MAY AKDA:

**KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.**
Punong Mayorya

SAPAGKAT, ang yumaong Kagalang-galang Danilo "Danny" Bautista Lacuna ay nagsilbi ng may katapatan bilang Bise-Alkalde ng Maynila, at nagpakita ng walang kapantay na dedikasyon sa ikabubuti ng lungsod at ng mga mamamayan nito;

SAPAGKAT, si Kgg. Danilo B. Lacuna ay nanungkulan bilang Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa mga taong 1988 hanggang 1992 at 1998 hanggang 2007. Kilala rin siya bilang tagapagtatag ng lokal na partido na Asenso Manileño;

SAPAGKAT, ang kanyang mga kontribusyon sa pampublikong serbisyo, lalo na sa pagpapahusay ng lokal na pamahalaan at kapakanan ng komunidad ay nag-iwan ng pangmatagalang epekto sa mga residente ng Maynila;

SAPAGKAT, noong ika-31 ng Hulyo 2023, ipinagdiwang ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila ang kaniyang ika-122 Anibersaryo sa Ayuntamiento de Manila, Andrés Soriano Avenue kanto Cabildo Street, Intramuros, Maynila, kung saan ang Kgg. Danilo B. Lacuna ay ang kauna-unahang tumanggap ng parangal na "Dangal ng Konseho" para sa kaniyang mga dekadang walang pag-iimbot na serbisyo sa publiko;

SAPAGKAT, sa ika-13 na araw ng Agosto sa taong 2023, ang Kgg. Danilo "Danny" B. Lacuna ay pumanaw na napapalibutan ng kaniyang mahal na pamilya at iniwan ang isang legasiya na tapat at maaalahaning paglilingkod sa Lungsod ng Maynila: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na inaalala ang buhay at legasiya ni dating Bise-Alkalde ng Maynila, Kagalang-galang Danilo "Danny" Bautista Lacuna bilang paggunita ng isang taong anibersaryo ng kaniyang pagpanaw noong ika-13 ng Agosto 2023; at MANGYARING MULI

IPASIYA, na ang sipi ng Kapasiyahan na ito ay ipamahagi sa opisina ng Punong Lungsod ng Maynila at sa pamilyang naulila ng dating Pangalawang Punong Lungsod ng Maynila, ang Kgg. Danilo "Danny" B. Lacuna.

PINAMUNUAN NI:

**JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 15 ng Agosto 2024.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

RRB: acl/jok/cpf/hpr/eys